Daily Doses of Gospel PiLLs
Narda Goodson Ministries * P.O. Box 624 * Whitewright, Texas 75491
Website: www.nardagoodson.com * Email: info@nardagoodson.com

## Panatilihin Mo Ang Iyong Pananampalataya Na Nakaukit Sa Iyong Puso Na Kailan Man Ay Hindi Maglalaho

Namatay ang kanilang ama. Wala silang mga kapatid na lalaki na pag-iiwanan ng mana, at ito ay kukunin na sa kanila at handa ng ipamahagi sa mga kalalakihan. Ang limang anak na babae ni Zelophahad ay nahaharap sa krisis, at nawalan ng pag-asa sa kinabukasan.

Sa kabila ng kanilang suliranin at kasalukuyang sitwasyon, ang mga babaeng ito ay nagpasya na harapin ang mga kinauukulan. Kung babasahin ang teksto sa Biblia, nagsilapit ang mga anak na babae ni Zelophahad na bigyan sila ng bahagi o mana ng pag-aari ng kanilang amang yumao. Ang limang kababaihang ito hindi nagdalawang isip na ihayag ang kanilang saloobin o sentimiento. Kung titingnan natin, noong mga panahong iyon ang mga kababaihan ay walang kapangyarihang magsalita o magmungkahi kundi sa loob lamang sila ng tolda namamalagi. Wala silang boses at hindi pinakikinggan, ngunit ang mga kababaihang ito ay alam kung saan sila tutungo para sabihin ang kanilang hinaing at hindi nila hinayaang ganun na lang, humanap sila ng solusyon sa kanilang problema sa kataas-taasang tagapagpasya kung saan nakaluklok ang Arka ng Tipan. Nakakikilala sa Dios ang limang babaeng ito, hindi pa man sila pinatatawag ay naglakas-loob silang lumapit sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan kung saan nananahan ang tribo ng Israel at napapaligiran ito. Buong tapang at walang takot na pinuntahan ang mga makapangyarihan at maimpluwensyang mga kalalakihan, gaya ng pari, matataas na opisyales, mga namumuno at higit sa lahat kasama si Moses bilang pinuno ng pulutong. Kung iisipin natin nakakatakot ang kanilang ginawa, at ano na lang kaya ang naging reaksyon habang sila ay papalapit. Hindi ito naging hadlang dahil ang mga babaeng ito ay may pakay. Ayon sa Banal na Kasulatan, ang mga babaeng ito

Copyright 2015 Daily Doses of Gospel PiLLs. All Rights Reserved.
Narda Goodson Ministries * P.O. Box 624 * Whitewright, TX 75491
www.nardagoodson.com * info@nardagoodson.com
May kapahintulutan na ilathala, imprenta at ipamahagi ang kabuoan ng artikulo kasama ang header at footer na isinalin sa wikang Tagalog.

ay buong tapang na humarap at nagsalita ng tuwid para makuha ang kanilang bahaging yaman ng kanilang yumaong ama.

Sa pamamagitan ng pagpapaliwanag para suportahan ang kanilang paghahabol sa ari-arian ng kanilang ama na namatay sa ilang at hindi kasama ng nagpipisang magkakasama laban sa Panginoon, sa pulutong ni Korah na naghimagsik, kundi ang kanilang ama ay namatay sa kaniyang sariling kasalanan, at hindi ng dahil sa hindi ito nagkaanak ng lalaki, kundi ibigay sa kanila ang nararapat na bahagi ng mana. At dahil dito, dinala ni Moses ang usapin sa harap ng Panginoon, at tinugon ng Panginoon ang kanilang kahilingan .

Hindi binigo ni Moses ang mga kababaihang ito, dahil alam niya na ang Panginoon ay sadyang nagbibigay ng lunas at hustisya, humingi si Moses ng direksyon at karunungan sa Dios. Nagustuhan ko ang bahaging ito!. Tinugon ng Dios na may pagmamahal at patas na batas na magpapatibay sa karapatan ng mga kababaihan. Ang pinakitang katapangan ng mga kababaihang ito upang ipaglaban ang kanilang karapatan ay nagsilbing inspirasyon at paghihimok sa mga kababaihan sa ngayon.

Kanino mo ba ipinagkakatiwala ang iyong buhay? Sa kamay ba ng relihiyon, tradisyon, kultura, sa tao? Ang limang anak na babae ni Zelophahad ay isang maganda at mabuting halimbawa, na hindi natin pinahihintulutan ang iba para magdesisyon, at maapektuhan ang ating kapalaran, ang ating kinabukasan, ang ating layunin o pakay, at higit sa lahat, ang pagtawag sa atin ng Panginoon sa Kanyang Gawain dito sa lupa.

Tanggihan mo at huwag hayaan ang mga tao na sasabihin sayo na hindi ka puwedeng gamitin ng Dios, ayong sa Bagong Tipan ng aklat ng Mga Gawa 2:17 ang sabi, At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman, at ang inyong mga anak na lalaki at babae ay manganghuhula, at ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain, ang inyong mga matatanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip.

**Copyright 2015 Daily Doses of Gospel PiLLs. All Rights Reserved.**
**Narda Goodson Ministries * P.O. Box 624 * Whitewright, TX 75491**
**www.nardagoodson.com * info@nardagoodson.com**
May kapahintulutan na ilathala, imprenta at ipamahagi ang kabuoan ng artikulo kasama ang header at footer na isinalin sa wikang Tagalog.

Ang limang kababaihan na anak ni Zelophahad ay hindi natakot, sapagkat kilala nila ang Dios, ang kanilang pagkilos na may katapangan ay nag-iwan ng pamana na pinakilos ng Dios para maging permanente at maisabatas na nananatili magpahanggang ngayon. Daniel 11:32 ay mababasa natin “ngunit ang bayan na nakakakilala ng kanilang Dios ay magiging matibay, at gagawa ng kabayanihan.” 2015 Susan Benedicto, Araw-araw na takal ng gamot

Banal na Kasulatan na pagbubulay-bulayan sa :

Mga Bilang 27

**Copyright 2015 Daily Doses of Gospel PiLLs. All Rights Reserved.**
**Narda Goodson Ministries * P.O. Box 624 * Whitewright, TX 75491**
**www.nardagoodson.com * info@nardagoodson.com**
May kapahintulutan na ilathala, imprenta at ipamahagi ang kabuoan ng artikulo kasama ang header at footer na isinalin sa wikang Tagalog.